# PAGPUPUNAS SA MGA MEDYAS, PAGBABAYAD SA PANALANGIN, AT ANG PAGDARASAL NG NAGLALAKBAY

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang araling ito ay nagbibigay liwanag sa ilang natatanging pagkakataon kung saan ang Islamikong batas ay nagpapahintulot ng kaluwagan tungkol sa pagsasakatuparan ng kanilang gawain.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Mga Panalangin

**Ni:** Imam Kamil Mufti

**Nai-publish sa:** 29 Mar 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Kinakailangan

·Panalangin para sa mga Baguhan (2 bahagi).

Mga Layunin

·Upang matutunan ang mga kahulugan, kundisyon, at pamamaraan ng pagpupunas sa medyas.

·Upang matutunan kung paano bumawi/magbayad sa mga nakaligtaang mga pagdarasal.

·Upang matutunan ang tungkol sa panalangin ng naglalakbay.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Fajr, Dhuhr, Asr, Maghrib, Isha* – Ang mga pangalan ng limang beses na mga pagdarasal sa Islam.

·*Salah* - ay salitang Arabe na tumutukoy sa direktang koneksyon sa pagitan ng isang mananampalataya at ng Allah. Higit pa rito, sa Islam ito ay tumutukoy sa limang pang araw-araw na pormal na pagdarasal na siyang pinakamahalagang uri ng pagsamba.

·*Wudoo* – paglilinis.

·*Ghusl* – espesyal na pagligo.

·*Adhan* – isang Islamikong pamamaraan ng mga Muslim sa pagtawag sa limang obligadong pagdarasal.

·*Iqamah* – Ang salitang ito ay tumutukoy sa pangalawang ulit na pagtawag sa pagdarasal na isinasagawa bago ang pagsisimula ng panalangin.

·*Masah* – pagpapahid sa ibabaw ng medyas kapag nagsasagawa ng *wudoo* imbes na maghugas pa ng paa.

- *Rakah* – yunit ng pagdarasal

·*Qada'* – Pagbabayad sa mga nakaligtaang panalangin.

Ang isang Muslim ay kinakailangang maghugas ng paa kapag nagsasagawa ng *wudoo*. Sa ibang pagkakataon ang batas ng Islam ay nagpapaubaya sa paghuhugas ng paa at sa halip ay pinapayagan ang isang Muslim na punasan na lamang ang mga medyas. ito ay tinatawag na *masah sa* Arabik.

## Ang Pagpupunas sa mga Medyas

Ang mga sumususnod na kundisyon ay kinakailangang maisagawa upang maging katanggap-tanggap ang pagpupunas sa medyas:

(1) Kinakailangang isuot ang mga medyas matapos ang paghuhugas ng paa sa naunang *wudoo* o *ghusl* (paliligo).

(2) Ang medyas ay dapat natatakpan ang buong paa kasama ang bukong-bukong.

(3) Maaari mo lamang punasan ang medyas sa loob ng panahon na pinapayagan na gawin ito.

(4) Hindi dapat tanggalin ang medyas pagkatapos masira ang *wudoo*.

## Takdang Sandali sa Pagpupunas sa mga Medyas

Kung ikaw ay hindi naglalakbay, maaari mong punasan ang iyong mga medyas sa loob ng dalawampu't apat na oras. Kung ikaw ay naglalakbay, maaari mo itong gawin ng tatlong araw; iyon ay pitompu't dalawang oras. Sa katapusan noon, kailangan mong tanggalin ang mga medyas at hugasan ang iyong paa para sa panibagong *wudoo*.

Kung ikaw ay mayroong *wudoo* sa pagtatapos ng dalawampu't apat na oras o sa tatlong araw (kung naglalakbay), hindi mo kinakailangang ulitin ang iyong *wudoo* hanggang sa ito ay mawalan ng bisa. Ang 24 na oras / 72 na oras ay nagsisimula sa unang pagpunas ng iyong mga medyas. Ang mga gawaing nakasisira ng karaniwang *wudoo* ay ang kaparehong kilos na makasisira ng *wudoo* sa pagpupunas. Halimbawa, ang pagtulog ay nakasisira ng *wudoo*, subalit ang basang panaginip (wet dream) ay nangangailangan ng paliligo (*ghusl*). Ang pagpupunas ng mga medyas ay hindi sapilitan, kahit na kapag naglalakbay, at ang patakaran ay saklaw parehong lalake at babae.

## Pamamaraan

Ang pamamaraan nq gagamitin kapag magpupunas ng mga medyas ay ang pagpahid ng basang kamay sa ibabaw ng mga medyas. Ang talampakang bahagi ng medyas ay hindi na pinupunasan, subalit mainam na punasan kapwa ng sabay.

Maaari mo ring punasan ang sapatos na umaabot hanggang sa bukong-bukong katulad ng mga kundisyong nabanggit sa medyas. Katulad ng mga medyas, hindi mo na pupunasan ang sapatos kung tinanggal mo ito matapos masira ang iyong *wudoo*, manapa'y, sa sitwasyong ito, kailangan mong gawin ang *masah* sa mga medyas sa loob nito.

## Ang Pagbabayad sa mga Nakaligtaang Pagdarasal

Ang pagbabayad sa mga nakaligtaang pagdarasal sinadya man o hindi ay tinatawag na *qada'* sa Arabik. Pag uusapan lang natin ang pagbabayad sa *salah* kung ito ay hindi sinasadyang nakaligtaan. Ang isang taong nakaligtaan ang *salah* ay may pananagutang isagawa ito gaano man ka-huli niya ito maalala. Ang Propeta, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah, ay nagsabi:

***"Sinuman ang nakaligtaan ang salah, kailangan niya itong isagawa kapag naalala niya ito. Walang kabayaran maliban sa salah mismo."*[1]**

Halimbawa, kung maalala mo sa oras ng *Asr* na nakaligtaan mo ang *Dhuhr*, kailangan mong magsagawa ng *Dhuhr* at pagkatapos ay magdasal ng A*sr*.

## Pamamaraan

Kung ikaw ay nakatulog sa paglipas ng s*alah*, ibig sabihin ay ang pagdarasal sa oras na iyon ay dumaan sa iyo habang ikaw ay natutulog, kailangan mong magsagawa ng *wudoo* pagkagising at isagawa ito. Isang gabi, habang naglalakbay kasama ang Propeta, ilan sa mga tao ang nagsabi, 'Kung makapagpapahinga lang sana kami kasama ang Propeta sa mga huling oras ng gabi.' Siya ay tumugon, **'Nangangamba akong makatulog kayo at makaligtaan ang *Fajr salah*.'** Si Bilal ay nagsalita, 'Gigisingin ko kayo.' Silang lahat ay natulog, subalit si Bilal ay nakatulog din! Ang Propeta ay nagising habang nagsisimula nang sumikat ang araw at nagsabi, **'O Bilal, anong nangyari sa sinabi mo?'** Siya ay tumugon, 'Hindi naman ako nakatulog ng malalim!' Ang Propeta, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah, ay nagsabi, **'Ang Allah ang kumuha ng ating mga kaluluwa sa kagustuhan Niya at nagpanumbalik nito sa kagustuhan Niya. O Bilal, bumangon ka at manawagan ng *Adhan* para sa pagdarasal.'** Ang Propeta ay nagsagawa ng *wudoo* at nang tuluyan ng makasikat ang araw, siya ay tumayo at nanalangin.[2]

## Pagdarasal ng mga Naglalakbay

Ang Islamikong batas ay ginawang magaan ang *salah* para sa mga naglalakbay sa pamamagitan ng dalawang paraan:

Sa pamamagitan ng pagpapaigsi ng pagdarasal: ang apat na *rakah* na *salah* ay pinaigsi sa dalawang *rakah*.

Sa pamamagitan ng pagsasama ng mga panalangin: ang *Dhuhr* ay maaaring ipagsama sa *Asr*, ang *Maghrib* ay maaaring pagsamahin sa *Isha*. May mga pagdarasal, gayunpaman, na hindi maaaring pagsamahin sa anumang paraan. Ang *Fajr* ay hindi maaaring ipagsama sa *Isha*, ang *Fajr* ay hindi maaaring pagsamahin ng *Dhuhr*. Ang *Asr* ay hindi maaaring pagsamahin sa *Maghrib*.

## Mga Kundisyon

Ang mga panalangin ay maaaring mapaigsi kapag naglalakbay. Hindi mo maaaring paigsiin ang mga panalangin maliban kung ganap na nalisan ang takdang layo ng iyong lungsod. Walang limitasyon sa oras sa kung paano mo paiigsiin ang iyong mga panalangin. Gayunpaman, karamihan sa mga iskolar ay nagpapahintulot ng hanggang sa apat na araw at gabi. Kapag masama ang panahon, ang mga panalangin ay maaaring pagsamahin (subalit hindi paiigsiin) sa mosque upang ang mga sumasamba, ay hindi na kailangang bumalik pa sa mosque habang masama ang panahon.

## Pamamaraan

Mayroong dalawang paraan sa pagsasama ng mga panalangin.

**Una**, ang *Dhuhr* ay isinasagawa sa takdang oras at ang *Asr* ay ipagsasama dito. Nangangahulugan na ang *Asr* ay isinasagawa bago ang oras nito sa oras ng *Dhuhr*. Ganun din, ang *Maghrib* ay isinasagawa sa takdang oras nito kasama ang *Isha*. Ang *Isha* ay isinasagawa ng mas maaga sa oras naman ng *Maghrib*.

**Pangalawa**, ang *Dhuhr* ay inaantala nang lagpas sa oras nito at isinasagawa na kasama ng *Asr* at ang *Maghrib* ay inaantala pagkatapos nito at isinasagawa kasama ng *Isha*. Sa magkaparehong sitwasyon, ang *Asr* at ang *Isha* ay isinasagawa sa mga oras nito, ngunit ang *Dhuhr* at ang *Maghrib* ay inaantala hanggang sa oras ng susunod na panalangin.

Ang mga pagdarasal ay sinasamahan ng isang *Adhan* at dalawang *Iqamah*. Ang *Adhan* ay ipinapanawagan, na susundan naman ng *Iqamah* at ang unang panalangin ay isinasagawa. Kasunod nito, pagkatapos ng unang panalangin, agad na isusunod ang ikalawang *Iqamah*, na susundan ng pagsasagawa ng ikalawang panalangin.

---

Talababa:

[1] *Saheeh Al-Bukhari*

[2] *Saheeh Al-Bukhari*

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/87/pagpupunas-sa-mga-medyas-pagbabayad-sa-panalangin-at-ang-pagdarasal-ng-naglalakbay

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.